National School Lunch Program/School Breakfast Program
(Pambansang Programa para sa Libreng Tanghalian sa Paaralan/ Programa para sa Libreng Almusal sa Paaralan)
2024–25 Liham sa Mga Sambahayan (Mga Pampublikong Paaralan)

Minamahal na Magulang/Tagapag-alaga:

Kapag nakumpleto mo ang Child Nutrition Eligibility & Education Benefit Application (Aplikasyon sa Pagiging Kwalipikado sa Programang Nutrisyon at Benepisyo sa Edukasyon para sa Bata), maaari kang maging kwalipikado para sa: mga pagkaing libre o binawasan ang presyo, mga benepisyong EBT sa Tag-init, at makatulong na makakuha ng pagpopondo para sa iyong distrito ng paaralan. Ipinapakita sa ibaba ang gastos sa mga pagkain sa paaralan.

Magbibigay ng almusal at tanghalian nang walang bayad sa mga batang iyon na kwalipikado para sa mga pagkaing libre at binawasan ang presyo sa mga nasa grado sa ilalim ng K-12. Sisingilin ang lahat ng iba pang mag-aaral ng mga rate na ipinapakita sa ibaba.

REGULAR			
Antas ng Grado	**Almusal**	**Tanghalian**	**Meryenda**
	$	$	$
	$	$	$
	$	$	$
	$	$	$

Sino ang dapat sumagot sa isang aplikasyon?

Sagutan ang aplikasyon kung:

- Ang kabuuang kita ng sambahayan ay KATUMBAS o MAS MABABA kaysa sa halaga sa chart.
- Ikaw ay nakakatanggap ng Basic Food (Pangunahing Pagkain), nakikilahok sa Food Distribution Program on Indian Reservations (Programa sa Pamamahagi ng Pagkain sa Mga Reserbasyon ng Mga Indian, FDPIR), o nakakatanggap ng Temporary Assistance for Needy Families (Pansamantalang Tulong para sa Mga Pamilyang Nangangailangan, TANF) para sa iyong mga batang inaalagaan.
- Ikaw ay nagsusumite ng aplikasyon para sa mga pansamantalang inaalagaang bata na napapailalim sa legal na responsibilidad ng isang ahensya ng pansamantalang pangangalaga o hukuman.

Ipasa ang aplikasyon sa _____.

Tiyaking magsumite ng ISA LANG na aplikasyon para sa bawat sambahayan. Aabisuhan ka namin kung maaaprubahan o tatanggihan ang aplikasyon. Kung nagsusumite ka ng aplikasyon para sa sinumang bata na walang tirahan (McKinney-Vento), o migrante, lagyan ng check ang naaangkop na kahon.

Ano ang itinuturing na kita? Sino ang itinuturing na miyembro ng aking sambahayan?

Tingnan ang chart ng kita sa ibaba. Hanapin ang laki ng iyong sambahayan. Hanapin ang kabuuang kita ng iyong sambahayan. Kung binabayaran sa iba't ibang oras ang mga miyembro sa sambahayan sa loob ng buwan at hindi ka sigurado kung kwalipikado ang iyong sambahayan, sagutan ang isang aplikasyon at tutukuyin namin ang pagiging kwalipikado ng iyong kita para sa iyo. Ang impormasyong ibibigay mo ay gagamitin upang matukoy ang pagiging kwalipikado ng iyong batang inaalagaan para sa mga pagkaing libre o binawasan ang presyo.

Ang mga pansamantalang inaalagaang bata na napapailalim sa legal na responsibilidad ng isang ahensya ng pansamantalang pangangalaga o hukuman ay kwalipikado para sa mga libreng pagkain, anuman ang kita para sa personal na paggamit. Kung may mga tanong ka tungkol sa pagsusumite ng aplikasyon sa mga benepisyong pagkain para sa mga pansamantalang inaalagaang bata, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa _____.

Mga Alituntunin sa Kita ng USDA Child Nutrition Program (Programa sa Nutrisyon ng Bata ng USDA) Magkakaroon ng bisa simula Hulyo 1, 2024–Hunyo 30, 2025					
Sambahayan Laki	**Taunan**	**Buwanan**	**Dalawang Beses Kada Buwan**	**Kada Dalawang Linggo**	**Lingguhan**
1	$27,861	$2,322	$1,161	$1,072	$536
2	$37,814	$3,152	$1,576	$1,455	$728
3	$47,767	$3,981	$1,991	$1,838	$919
4	$57,720	$4,810	$2,405	$2,220	$1,110
5	$67,673	$5,640	$2,820	$2,603	$1,302
6	$77,626	$6,469	$3,235	$2,986	$1,493
7	$87,579	$7,299	$3,650	$3,369	$1,685
8	$97,532	$8,128	$4,064	$3,752	$1,876
Para sa bawat karagdagang miyembro ng pamilya, idagdag ang:	$9,953	$830	$415	$383	$192

Binibigyang-kahulugan ang **SAMBAHAYAN** bilang lahat ng tao, kabilang ang mga magulang, bata, lolo at lola, at ang lahat ng taong kamag-anak o hindi kamag-anak na nakatira sa iyong tahanan at nakikihati sa mga gastusin sa pamumuhay. Kung nagsusumite ka ng aplikasyon para sa isang sambahayan na may kasamang isang pansamantalang inaalagaang bata, maaari mong isama ang pansamantalang inaalagaang bata sa kabuuang laki ng sambahayan.

Itinuturing ang **KITA NG SAMBAHAYAN** bilang kitang natatanggap ng bawat miyembro ng sambahayan bago ibawas ang mga buwis. Kabilang dito ang mga sahod, social security, pensyon, kawalan ng trabaho, kapakanan, suporta sa bata, sustento, at anupamang pera na kita. Kung kabilang ang isang pansamantalang inaalagaang bata bilang bahagi ng sambahayan, dapat mo ring isama ang personal na kita ng pansamantalang inaalagaang bata. Huwag iulat ang mga pagbabayad sa pansamantalang pangangalaga bilang kita.

Ano ang dapat na nasa aplikasyon?

A. <u>Para sa mga sambahayang hindi nakakakuha ng anumang tulong</u>:

- (Mga) pangalan ng mag-aaral
- Mga pangalan ng <u>lahat</u> ng miyembro ng sambahayan
- Kita ayon sa pinagkukunan para sa <u>lahat</u> ng miyembro ng sambahayan
- Lagda ng miyembro ng sambahayan na nasa hustong gulang
- Huling 4 na digit ng numero ng social security number ng miyembro ng sambahayan na nasa hustong gulang na lalagda sa aplikasyon (o kung walang numero ng social security ang taong nasa hustong gulang na lalagda, lagyan ng check ang nauugnay na kahon).

Kumpletuhin ang *Mga Bahagi 1*, *2*, *3*, *4*, at *5*; *ang Bahagi 6* ay opsyonal.

B. <u>Para sa mga sambahayang may kasama lang na (mga) pansamantalang inaalagaang bata</u>

- Pangalan ng mag-aaral
- Lagda ng miyembro ng sambahayan na nasa hustong gulang

Kumpletuhin ang *Mga Bahagi 1* at *5*; *ang Bahagi 6* ay opsyonal. Maaari ka ring magpadala sa paaralan ng isang kopya ng dokumentasyon ng hukuman na nagpapakita na ibinigay sa iyo ang (mga) pansamantalang inaalagaang bata sa halip na sumagot sa isang form ng aplikasyon.

Hindi kinakailangan ang huling 4 na digit ng SSN para sa B.

Ano ang dapat na nasa aplikasyon? *itinuloy*

C. <u>Para sa isang pamilya na nakakakuha ng Basic Food (Pangunahing Pagkain)/TANF/FDPIR</u>:

- Ilista ang lahat ng pangalan ng mag-aaral
- Maglagay ng numero ng kaso
- Lagda ng miyembro ng sambahayan na nasa hustong gulang

Kumpletuhin ang *Mga Bahagi 1*, *2*, *4*, at *5*. Ang *Bahagi 6* ay opsyonal. **Hindi kinakailangan ang huling 4 na digit ng SSN para sa C**.

D. <u>Para sa mga sambahayang may kasamang (mga) pansamantalang inaalagaang bata at iba pang bata</u>:

Magsumite ng aplikasyon bilang isang sambahayan at isama ang mga pansamantalang inaalagaang bata. Sundin ang mga tagubilin para sa "**A. Para sa mga sambahayang hindi nakakakuha ng anumang tulong:**" at isama ang kita para sa personal na paggamit ng pansamantalang inaalagaang bata.

Paano kung hindi ako nakakatanggap ng mga dolyar para sa pangunahing pagkain?

Kung naaprubahan ka para sa Basic Food (Pangunahing Pagkain) ngunit hindi aktuwal na nakakatanggap ng mga dolyar para sa Basic Food (Pangunahing Pagkain), maaaring kwalipikado ka para sa mga pagkaing libre o binawasan ang presyo. Dapat kang mag-apply para sa mga benepisyong pagkain sa pamamagitan ng pagsagot sa isang aplikasyon sa pagkain at pagsauli nito sa paaralan ng batang inaalagaan mo.

Awtomatiko bang kwalipikado ang aking mga batang inaalagan kung mayroon silang numero ng kaso?

Oo. Maaaring makakuha ang mga bata sa TANF o Basic Food (Pangunahing Pagkain) ng mga libreng pagkain at maaaring maging kwalipikado ang mga batang nakakatanggap ng ilang benepisyo ng Medicaid para sa mga pagkaing libre o binawasan ang presyo nang hindi na kinakailangan ng sambahayan na kumpletuhin ang isang aplikasyon. Tinutukoy ng paaralan ang mga batang ito gamit ang isang proseso ng pagtutugma ng data. Pagkatapos, ipinapagamit ang itinugmang listahang ito sa tauhan ng serbisyo sa pagkain ng paaralan ng batang inaalagaan mo. Makakakuha ng mga libreng pagkain ang mga mag-aaral na nasa listahang ito kung mayroon ang kanilang mga paaralan ng programa sa almusal at/o tanghalian na libre at binawasan ang presyo (hindi lahat ng paaralan ay mayroon nito). Mangyaring agad na makipag-ugnayan sa amin kung sa palagay mo ay dapat makatanggap ang mga batang inaalagaan mo ng mga libreng pagkain at hindi sila nakakatanggap. Kung ayaw mong makilahok ang iyong batang inaalagaan sa mga programa sa libreng pagkain gamit ang pamamaraang ito, mangyaring abisuhan ang paaralan.

Kung may numero ng kaso ang sinuman sa aking sambahayan, magiging kwalipikado ba ang lahat ng bata para sa mga libreng pagkain?

Oo. Kung may numero ng kaso ang sinuman sa sambahayan, bukod pa sa pansamantalang inaalagaang bata, dapat kang sumagot sa isang aplikasyon at ipadala ito sa paaralan ng iyong mag-aaral. Mangyaring agad na makipag-ugnayan sa amin kung sa palagay mo ay dapat makatanggap ng mga libreng pagkain ang iba pang bata sa iyong sambahayan at hindi sila nakakatanggap.

Basic Food (Pangunahing Pagkain) - Maaari ba akong maging kwalipikado para sa tulong sa pagbili ng pagkain?

Ang Basic Food (Pangunahing Pagkain) ay ang programa ng estado sa stamp ng pagkain. Nakakatulong ito sa mga sambahayan na matugunan ang mga kakulangan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga buwanang benepisyo sa pagbili ng pagkain. Madali ang pagkuha ng Basic Food (Pangunahing Pagkain)! Maaari kang mag-apply nang personal sa lokal na DSHS Community Service Office (Opisina ng Serbisyo sa Komunidad ng DSHS), sa pamamagitan ng koreo, o online. Mayroon ding iba pang benepisyo. Maaari mong matutunan ang tungkol sa Basic Food (Pangunahing Pagkain) sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-501-2233 o sa pamamagitan ng pag-log in sa https://www.dshs.wa.gov/esa/community-services-offices/basic-food.

Nasa militar kami. Iuulat ba namin ang aming kita sa ibang paraan?

Dapat iulat ang iyong pangunahing sahod at mga bonus na pera bilang kita. Kung may nakukuha kang anumang allowance na may halagang pera para sa mga pabahay sa labas ng himpilan, pagkain, o damit, dapat din itong isama bilang kita. Gayunpaman, kung bahagi ang iyong pabahay ng Military Housing Privatization Initiative (Inisyatibong Pagsasapribado ng Pabahay para sa Militar), huwag isama ang iyong allowance sa pabahay bilang kita. Hindi rin kasama sa kita ang anumang karagdagang sahod sa labanan na resulta ng pagkadestino.

Naaprubahan ang aplikasyon ng aking bataang inaalagaan noong nakaraang taon. Kailangan ko bang sumagot sa bagong aplikasyon?

Oo. May bisa lang para sa taon ng pag-aaral na iyon ang aplikasyon ng iyong batang inaalagaan at para sa unang ilang araw ng taon ng pag-aaral na ito. Dapat kang magpadala ng bagong aplikasyon maliban kung sinabi sa iyo ng paaralan na kwalipikado ang iyong batang inaalagaan para sa bagong taon ng pag-aaral.

Paano kung walang kita na maiuulat ang ilang miyembro ng sambahayan?

Maaaring hindi makatanggap ang mga miyembro ng sambahayan ng ilang uri ng kita na hinihiling namin sa iyo na iulat sa aplikasyon, o maaaring ganap na hindi makatanggap ng kita. Sa tuwing mangyayari ito, mangyaring isulat ang 0 sa patlang. Gayunpaman, kung maiiwan na walang laman o blangko ang anumang patlang ng kita, ang mga iyon ay mabibilang <u>din</u> bilang mga zero. Mangyaring maging maingat kapag iiwang blangko ang mga patlang para sa kita, dahil ipagpapalagay namin na <u>sinadya</u> mong gawin ito.

Pagsaklaw sa Kalusugan

Upang magtanong tungkol sa o mag-apply para sa saklaw sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata sa iyong pamilya, mangyaring bisitahin ang http://www.wahealthplanfinder.org o maaari kang tumawag sa Washington Health Plan Finder sa 1-855-923-4633.

Paano kung nangangailangan ang aking batang inaalagaan ng mga espesyal na pagkain?

Kung nangangailangan ang iyong batang inaalagaan ng mga espesyal na pagkain, makipag-ugnayan sa opisina ng serbisyo sa pagkain ng paaralan/distrito.

Patunay ng Pagiging Kwalipikado

Maaaring ma-verify ang ibibigay mong impormasyon anumang oras. Maaaring hilingin sa iyo na magpadala ng karagdagang impormasyon upang patunayan na kwalipikado ang iyong batang inaalagaa na tumanggap ng mga pagkaing libre at binawasan ang presyo.

Patas na Pagdinig

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya sa aplikasyon ng iyong batang inaalagaan o sa prosesong ginamit upang patunayan ang pagiging kwalipikado ng kita, maaari kang makipag-usap kay _____, ang opisyal sa patas na pagdinig. Mayroon kang karapatan sa isang patas na pagdinig na maaaring isaayos sa pamamagitan ng pagtawag sa paaralan/distrito ng paaralan sa numerong ito _____.

Muling pagsusumite ng aplikasyon

Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo anumang oras sa panahon ng taon ng pag-aaral. Kung dapat kang magkaroon ng pagbabawas sa kita ng sambahayan, pagtataas ng laki ng sambahayan, o ituring na walang trabaho, o makatanggap ng Basic Food (Pangunahing Pagkain), TANF, o FDPIR, maaari kang maging kwalipikado para sa mga benepisyo at maaari kang sumagot sa isang aplikasyon sa oras na iyon.

Kawalan ng Diskriminasyon ng USDA

Alinsunod sa pederal na batas sa mga karapatang sibil at sa mga regulasyon at polisiya ng mga karapatang sibil ng U.S. Department of Agriculture (Kagawaran ng Agrikultura ng U.S., USDA), pinagbabawalan ang institusyong ito na mandiskrimina batay sa lahi, kulay, pambansang pinagmulan, kasarian (kabilang ang pagkakakilanlang kasarian at sekswal na oryentasyon), kapansanan, edad, o pag-atake o paghihiganti para sa naunang aktibidad ng mga karapatang sibil.

Maaaring maging nasa iba pang wika maliban sa English ang impormasyon ng programa. Ang mga taong may kapansanan na nangangailangan ng alternatibong paraan ng pakikipag-ugnayan para makakuha ng impormasyon ng programa (hal., Braille, malalaking print, audiotape, American Sign Language), ay dapat makipag-ugnayan sa mga responsableng pang-estado o lokal na ahensya na namamahala sa programa o TARGET Center ng USDA sa (202) 720-2600 (boses at TTY) o makipag-ugnayan sa USDA sa pamamagitan ng Pederal na Serbisyong Relay sa (800) 877-8339.

Para maghain ng reklamo sa diskriminasyon sa programa, dapat kumpletuhin ng Nagrereklamo ang Form AD-3027, USDA Program Discrimination Complaint Form (Form ng Reklamo sa Diskriminasyon sa Programa ng USDA) na maaaring kunin online sa: https://www.usda.gov/sites/default/files/documents/ad-3027.pdf, mula sa anumang opisina ng USDA, sa pamamagitan ng pagtawag sa (866) 632-9992, o pagsusulat ng liham na nakapatungkol sa USDA. Dapat maglaman ang liham ng pangalan ng nagrereklamo, address, numero ng telepono, at nakasulat na paglalarawan ng ipinaparatang na aksyon ng diskriminasyon nang may sapat na detalye upang ipaalam sa Assistant Secretary for Civil Rights (Panghaliling Kalihim para sa Mga Karapatang Sibil, ASCR) ang tungkol sa katangian at petsa ng ipinaparatang na paglabag sa mga karapatang sibil. Ang kinumpletong AD-3027 na form o liham ay dapat isumite sa USDA sa pamamagitan ng:

1. **koreo:**
   U.S. Department of Agriculture
   Office of the Assistant Secretary for Civil Rights
   1400 Independence Avenue, SW
   Washington, D.C. 20250-9410; o
2. **fax:**
   (833) 256-1665 o (202) 690-7442; o
3. **email:**
   Program.Intake@usda.gov

Ang institusyong ito ay nagbibigay ng pantay na pagkakataon.